**U.S. Department of Justice**
***Civil Rights Division***

# Pagharap sa Pagtatangi sa mga Otel, mga Restawran, mga Lugar ng Inuman at Iba pang mga Lugar ng Pampublikong Tirahan

**Titulo II ng Batas para sa mga Karapatang Sibil ng 1964, 42 U.S.C. § 2000a *et seq.***
*Ang "Titulo II" ay nagbabawal sa mga lugar ng pampublikong akomodasyon na magtangi laban sa mga tao dahil sa kanilang* **lahi, kulay, relihiyon** o **bansang pinagmulan**. *Ang Seksyon ng Pagpapatupad ng Pabahay at Pang-Sibil ng Departamento ng Hustisya ng Estados Unidos, Dibisyon para sa mga Karapatang Sibil ay maaaring sumiyasat ng mga ulat tungkol sa pagtatangi o diskriminasyon sa loob ng mga naturang lugar.*

## Ano ang lugar ng pampublikong akomodasyon? Ano ang hindi lugar ng pampublikong akomodasyon?

Ang mga pampublikong akomodasyon ay pribadong pagmamay-ari sa mga lugar na naninilbihan at bukas sa pangkalahatang publiko. Maaari silang pag-aari ng mga pribadong kumpanya o mga indibidwal ngunit nakalaan para sa pampublikong gamit. Ito ang mga halimbawa ng pampublikong akomodasyon:

- Mga hotel, mga bahay panuluyan, mga motel, o iba pang mga establesimiento para sa mga pansamantalang panauhin
- Mga restawran, mga kapiterya, o iba pang mga lugar kung saan ang mga tao ay maaaring mamili ng pagkain na kakainin sa mismong lugar
- Mga gasolinahan
- Mga sinehan, mga bulwagan ng konsyerto, mga istadyum sa palakasan, o iba pang mga lugar ng libangan

Sa kabilang banda, ito ang mga *hindi* lugar ng pampublikong akomodasyon:

- Karamihan sa tingiang mga tindahan (na hindi nagbebenta ng pagkain sa nasasakupang lugar)
- Mga simbahan, mga sinagoga, mga moske, at iba pang mga relihiyosong gusali
- Mga pribadong klab na nangangailangan ng mga pagsapi upang makasali

## Ano ang hitsura ng diskriminasyon sa isang lugar ng pampublikong akomodasyon?

Ang diskriminasyon ay isang malawak na kataga. Narito ang ilang mga halimbawa kung ano ang hitsura ng diskriminasyon sa isang pampublikong akomodasyon:

- Pagbanggit ng hindi malinaw na pag-aalala tungkol sa coronavirus, isang restawran ay tumangging maglingkod sa isang pamilyang Asyano-Amerikano o inilagay ang pamilya na malayo sa ibang mga kustomer ng restawran. O, hiniling ng restawran na ang mga

miyembro ng pamilya ay mag-suot ng maskara ng hindi nagtanong sa mga iba pang nasa restawran na takpan ang kanilang mukha.

- Ang isang bar ay nagpaalis ng isang Sikh na kustomer dahil itong indibidwal ay nakasuot ng turban. Sinabihan ng bar ang Sikh na kustomer na ang tanging uri ng kasuotan para sa ulo na pinapayagan nito ay mga sumbrerong pang-besbol at mga sumbrero.
- Dalawang kustomer na Asyano-Amerikano ay pumasok sa isang bar at napilitan na maghintay ng isang oras para sa serbisyo samantalang ang mga Puting kustomer ay pinagsilbihan kaagad-agad.
- Ang isang hotel ay naniningil sa mga Itim na kustomer ng mas mataas na bayad para sa kaparehong mga kuwarto kumpara sa mga Puting kustomer.
- Ang isang klab ay nagtangging magpapasok ng mga Itim na kustomer sa pamamagitan ng pagsasabi na mayroong mahigpit na alituntunin sa pananamit ngunit pinapayagan ang mga Puting kustomer na may kaparehong kasuotan na pumasok.
- Ang isang trabahador sa tindahan ng pagkain sa isang isports istadyum ay tumangging magbigay ng serbisyo sa mga kustomer na Tsino-Amerikano dahil sa pag-aalala tungkol sa coronavirus.

Sa ilalim ng Titulo II, hindi ka maaaring tratuhin ng kakaiba sa isang lugar ng pampublikong akomodasyon dahil sa iyong **lahi**, **kulay**, **relihiyon** o **bansang pinagmulan**. May karapatan ka sa ganap at pantay na pagtamasa ng lahat ng naibibigay ng isang lugar ng pampublikong akomodasyon sa publiko.

## Ano ang magagawa ng Kagawaran ng Hustisya sa paraan kung paano ako trinato?

Ang Departamento ng Hustisya ay maaaring magsiyasat ng mga posibleng paglabag sa Titulo II kung ito ay naniniwala na mayroong “gawain o kaugalian” ng diskriminasyon sa isang lugar ng pampublikong akomodasyon. Ang isang “gawain o kaugalian” sa pangkalahatan ay nangangahulugang mayroong higit sa isang solong insidente ng diskriminasyon; halimbawa, ang isang patakaran ng diskriminasyon o madalas na mga insidente ng diskriminasyon ay maaaring bumuo ng isang “gawain o kaugalian.” Ang Departamento ay hindi makakapag-imbestiga ng lahat ng mga reklamong Titulo II na natatanggap nito.

Kung ang Departamento ay nagsampa ng demanda sa ilalim ng Titulo II, maaari nitong hilingin sa korte na atasan ang lugar ng pampublikong akomodasyon na ihinto ang diskriminasyon laban sa iyo at sa iba pa. Ang Departamento ay hindi maaaring makakuha ng kabayarang pinsala para sa iyo o sa iba na maaaring nasaktan ng diskriminasyon.

**U.S. Department of Justice**
***Civil Rights Division***

## Saan ako maaaring mag-ulat ng mga paglabag sa Titulo II?

Kung ikaw ay naniniwala na ikaw ay napag-diskriminahan o naligalig sa isang lugar ng pampublikong akomodasyon dahil sa iyong **lahi**, **kulay**, **relihiyon** o **bansang pinagmulan**, maaari mong iulat ito sa Kagawaran ng Hustisya.

Bisitahin ang website ng Dibisyon para sa mga Karapatang Sibil upang magsumite ng isang ulat sa online:

https://civilrights.justice.gov/
(mayroon sa English, Spanish, Pinasimpleng Chinese, Tradisyonal na Chinese, Tagalog, Vietnamese, at Korean)

O tumawag sa Dibisyon para sa mga Karapatang Sibil:

Telepono: (202) 514-3847
Walang-bayad: (855) 856-1247
Linya para sa mga bingi: (202) 514-0716
TDD: (202) 514-0716